Chapter 10

Nang makarating sa bahay ay masaya kong niyakap si Nanay Milva sa sala. Binati ko rin ang iba pa at nagpaalam na aakyat na sa kwarto. Nang makapasok sa kwarto ay kumaripas ako nang takbo patungo sa kama. At nagpagulong-gulong sa malabot na higaan at nagsusumigaw sa kilig.

Kinuha ko rin ang cellphone ko sa bag at gumawa ng mensahe para ipadala sa kaniya.

"Hi babe?" I message him.

Hindi ko na hinintay pa ang reply niya dahil baka busy pa ito. Nakapagdesisiyon ako na maligo muna. Tumayo ako at kinuha muna ang puting tuwalya na nakalagay sa closet ko.

Dumiretso na rin ako sa banyo at naglinis ng buo kong katawan. Nang matapos ay naghanap muna ako ng damit na masusuot. Sinuklay ko rin ang aking buhok ng maraming beses at biglang naalala na baka nag-reply na ito sa text messages ko.

Nang hawak ko na ang cellphone ay nakita ko nga sa screen ang reply niya.

"Babe?" reply niya sa pinadala kong text messages.

Sampong minuto na ang nakakalipas pero hindi ko pa rin alam kung ano ang isasagot ko sa kaniya. Wala akong maisip na dahilan, nakakahiya dahil tinawag ko siyang babe ngunit mukhang hindi niya yata nagustuhan ang sinabi ko sa kaniya.

Nagbiaw ako ng matunog na hininga at magte-text sana ako ulit. Ngunit biglang tumunog ang cellphone ko at ang pangalan niya ang nakarehistro sa caller. Walang pagdadalawang isip ko iyong sinagot dahil excited na akong makausap siya. Wala pang tatlong ring ay sinagot ko na agad ang tawag. Hindi uso sa akin ang words na pakipot.

"Ano 'yon?" tanong niya at tinutukoy ang nasa mensahe ko.

"H-huh? Ah oo, ayaw mo ba?" naautal kong sabi.

"Hindi naman sa gano'n Dawn pero hindi lang kasi ako sanay."

Natahimik ako sa sinabi niya at ganoon rin siya sa kabilang linya. Ang tanging naririnig ko lang ay ang malamig na boses ng kaniyang kapatid na kumakanta. Parang naging back ground music pa namin ang kanta nito.

"Sige okay lang naman, kahit ano naman pwede sa akin! Psensiya na, promise hindi ako magrereklamo pagdating sa iyo," masaya kong wika sa kabilang linya.

"Sigurado ka ba na okay lang?" paninigurado niyang tanong sa akin.

"Oo naman Petrus ang mahalaga naman ay iyong relationships natin. We are now officially, right?" tanong ko rito

"Yeah," sabi niya at nababakas kong masaya rin siya dahil sa boses niya.

"Ano iyong account mo sa I******n?" tanong ko sa kaniy para ma-add ko siya.

"Wala ako nun," mabilis niyang sagot.

"Sa F******k na lang?" tanong ko ulit.

"Petrus Gavallo lang, pero hindi kasi ako active sa social media," sagot niya.

"Okay lang, ikaw ba gumawa ng account mo?" wala sa sarili kong tanong. Alam ko namang siya lang ang gumawa dahil imposible naman kung iba. Gusto ko lang may mapag-usapan kaya ko natanong.

"Si Salme," sinsero niyang sabi ngunit halatang nag-aalangan itong sabihin.

"Huh? Bakit siya?"

Hindi ko napigilang pagtaasan siya ng boses dahil sa narinig.

"Naisipan niya lang," natatawa niyang sabi.

"Feeling ko talaga may gusto 'yon sa'yo," diretsahan kong sabi at narinig kong bigla siyang napaubo.

"Magkaibigan lang kami nun," pagdadahilan niya.

"Baka naman malaman ko na lang—," naiinis kong sabi pero hindi ko natuloy dahil bigla niya akong pinutol.

"Dawn, kakasimula pa lang natin ganiyan na ang mga pinag-iisip mo," putol niya sa aking sinabi. "Kailangan nating magtiwala sa isa't-isa," paalala niya.

"Yeah, I'm sorry hindi na maulit," sinaero kong sabi at humingi ng paumanhin.

The next, next day ay nagkita kami ni Petrus masyado na siyang busy sa pag-e-ensayo at palagi niya akong pinapaunang umuwi. Madalas na silang nagagabihan dahil palapit na nang palapit ang tournament.

"Ito ang suotin mo bukas, pasensiya ka na medyo malaki sa'yo ng konti. Iyan na kasi ang small size na Jersey nila."

"Thanks, nag-abala ka pa. Sana hindi ka na lang nagpagawa ng para sa akin. Lalo pa at tumigil ka na sa part time job mo," nahihiya kong sabi.

"Okay lang mahalaga na man sa akin ang magsusuot," hugot niyang sabi. Kinagat ko ang aking ibabang labi para pigilan na kiligin. Pero hindi niya ako tinantanan nang makita akong kinilig. Inaasar niya ako at oilit na pinapaamin na kinikilig ako.

Kinabukasan ay sinorpresa ko siya at wala siyang kaalam- alam na nagpagawa ako ng tarpaulin at nagpaturo ng kanta sa mga kaibigan para ma-cheer ko siya mamaya. Laking pasasalamat ko sa kanila dahil nandiyan lang sila palagi para sa akin.

Tenext ko si Ergie at ang iba pa naming mga kasama. Pareho kaming naksuot ng Jersey Jacket at talagang pinaghandaan namin ang araw na 'to. Ngunit sa aming labat ako lang ang may suot na Jersey shirt na apilido ni Gavallo ang print sa likod. I am so proud of him kaya nagtodo effort ako sa mga sinuot nila para terno kaming lahat. At kahit ano man ang mangyari manalo man o matalo magiging proud pa rin ako sa kaniya.

Nang magsimula na ang laro nila Petrus ay walang tigil kong sinisigaw ang pangalan niya. Nakangiti siya sa tuwing tinitingnan niya ako. Pakiramdam ko tuloy ay distraction lang ako sa paglalaro niya.

"Hooh...boyfriend ko 'yan," malakas na sigaw ang pinakawalan ko sa aking bibig nang makahulog ito ng bola sa ring.

Napatingin siya sa akin at napapailing na lang dahil sa aking ginawang sigaw. Ngunit halata namang natutuwa siya at masaya dahil ang mga ngiti ay hindi niya mapigilan at umabot pa haggang sa tenga.

Ang saya nilang tingnan lalo na si Petrus. Mukhang sini-swerte sila ngayon dahil sunod-sunod ang hulog ng bola. Team din nila ang lamang sa score at mukhang malabong makahabol pa ang kalaban. Sa tingin ko ay ngayon pa lang alam ko na ang patutunguhan ng game. Halatang sila na ang mananalo and they deserve it because they are working hard enough for this competition.

Gaya nga ng hula ko kanina ay nanalo nga sila sa first game. At ngayon ay kasalukuyan silang naglalaro sa second game. Ngunit humahabol ang kabilang team sa score. Hinihingal na rin si Petrus at pati na rin ang mga kasamahan niya. Palagay ko ay pagod na siya dahil kanina pa siya naglalaro at takbo nang takbo sa court.

Akala ko pa naman ay sigurado na ang panalo nila sa second game. Ngunit sa kabilang team pala ay may mga manlalarong kasing galing ng team nila Petrus. Ngayon lang nila ito pinapasok at mas advantage ang kalaban dahil hindi pa sila pagod. Nahihirapan din ang coach nila na palitan ang iba sa kanila dahil alam nitong sila lang ang may kakayahan na pumantay sa kalaban.

Masyado kong in a-underestimate ang kabilang team kanina, iyon pala ay pinagod lang nila ang team nila Petrus bago pinasok ang magagaling nilang player. Kaya pala ang sipag nilang mag-ensayo dahil alam nilang hindi basta-basta ang kanilang makakalaban. Huling taon na ito ni Petrus sa pagiging team captain kaya labis-labis ang kan'yang pagsusumikap.

When Petrus received the passed ball from his co-player. He quickly ran it while dribbling towards their ring. He was about to throw the ball when the other team captain suddenly blocked him and hit the ball he was holding. The young man grabbed the ball and now it is currently running to the other opponent's ring. They passed the ball around but the last pass was also returned to Trolem. Trolem is the team captain of the other team.

Nakakuha ito ng tempo at pinasok ang bola. Tatlong points lang ang laman ng team ni Petrus at kapag nag-tie ang score nila bago pa maubos ang oras ay may magaganap na third game. Parang humina ang oras at lahat ay nag-aabang sa bolang umikot sa gilid ng ring at wala ni isa sa amin ang kumukurap. Three points ang ginawang shoot ni Trolem and before time counted down. Trolem just smiled and seemed to be counting. He snapped his fingers and at the same time the ball enter inside the ring.

Kasabay nang pagbagsak ng bola ay sa akin na siya nakaharap. Napakayabang niyang tingnan at gusto ko siyang sigawan. Ngunitian niya ako ng kay tamis and he waved his hands with a Korean heart sign to me. He also winked at me and give me a flying kiss. Tiningnan ko ang likod ko para masigurong hindi ako ang sininyasan niya pero sa akin talaga ito nakatingin. Iniirapan ko siya sa mga mata ko dahil naiinis ako sa kayabangan niya. Nag-boo sign rin ako ngunit mas lalo lang lumapad ang ngiti niya sa kaniyang labi.

Para tumigil na siya ay imkot ko na lang ang mga mata ko para makaiwas sa kaniya. Nagkunwari din akong kinausap ang aking katabi para hindi ko makita ang kayabangan niya.

"Masyado siyang papansin!"bulong ko sa aking sarili.

At nang tingnan ko si Petrus ay nakatingin pala ito sa amin. Medyo nailang ako dahil nahuli niyang matamis na nguminguti sa akin si Trolem. Napansin ko rin ang pagkuyom ng kaniyang mga kamao kaya nilakasan ko na lang ang pagkanta sa hinanda naming cheer. Sumayaw naman ang aking mga kaibigan at nagkunwari na lang na walang nangyari.